Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Pebrero 11, 2026
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Hinirang ng Distrito ng Hangin si Kimberly Leefatt bilang bagong opisyal sa mga karapatang sibil

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ngayong araw ang paghirang kay Kimberly Leefatt bilang opisyal sa mga karapatang sibil ng Distrito ng Hangin, na maghahatid ng malawak na karanasan sa batas sa kapaligiran, practice sa pampublikong ahensya at katarungan sa kapaligiran.

Sasali si Leefatt sa Distrito ng Hangin mula sa Natural Resources Defense Council o NRDC, kung saan siya nagsilbi bilang isang senior attorney na nagsasaayos ng mga kumplikadong usapin sa kapaligiran at kalusugang pampubliko sa lokal, estado, at pederal na antas. Nakatuon ang kanyang gawain sa pagpapalakas ng mga proteksiyong pangkapaligiran, pagbibigay-diin sa katarungan sa mga proseso ng pagpapasya, at pagsuporta sa mga komunidad na hindi pantay na naaapektuhan ng mababang kalidad ng hangin at tubig.

“Nakasalalay ang matitibay na proteksyon sa kalidad ng hangin sa mga lingkod bayan na may malawak na karanasan, na nakakaunawa sa batas at sa kung paano ito inilalapat sa mga aktwal na komunidad,” sabi ni Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Papahusayin ng bagong tungkulin ni Bb. Leefatt ang kakayahan ng Distrito ng Hangin na bumuo at magpatupad ng mga programa ng Distrito ng Hangin na naaayon sa batas, para maitaguyod ang mga proteksyon sa mga karapatang sibil at matiyak na makakarating sa lahat ng residente ng Bay Area ang mga benepisyo ng malinis na hangin.”

“Ginawa ang tanggapang ito para matiyak na hindi lang afterthought ang mga karapatang sibil sa pagpapasya kaugnay ng kapaligiran,” sabi ni Arsenio Mataka, ang deputy na tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Nakipagtulungan si Bb. Leefatt sa mga organisasyon para sa katarungan sa kapaligiran na kinikilala sa buong bansa para papanagutin ang mga sistema at harapin ang mga hindi patas na kapahamakan, at dala niya ang karanasang kinakailangan para matiyak na mananatili ang pagsunod sa mga karapatang sibil na sentro ng pagprotekta sa kalusugang pampubliko at pagkuha sa tiwala ng komunidad sa Bay Area.”

Sa NRDC, nagpayo si Leefatt sa mga koalisyon sa komunidad tungkol sa mga inisyatiba ng rehiyon sa transportasyon at sa kalidad ng hangin at tubig, may mga kinatawan siya na organisasyon sa paggawa ng mga patakarang nakatuon sa pagkakapantay-pantay, at pinangunahan niya ang paglilitis at mga pagsisikap sa pagtataguyod na nauugnay sa mga pagkilos ng ahensya. Marami rin siyang ginawa para sa batas sa pampublikong ahensya, pagsusuri kaugnay ng kapaligiran, at pagpapatupad para sa pangangasiwa sa pamamagitan ng mga naging tungkulin niya sa Brownstein Hyatt Farber Schreck LLP at Latham. & Watkins LLP.

“Lubos kong pinapahalagahan ang tungkulin bilang opisyal sa mga karapatang sibil na ipinagkatiwala sa akin. Sa sangandaan ng mga karapatang sibil at pagsunod sa kapaligiran, madalas ay may kalituhan,” sabi ni Kimberly Leefatt, ang opisyal sa mga karapatang sibil ng Distrito ng Hangin. “Isang karangalan para sa akin na maging bahagi ng pagtatayo ng tanggapan na mag-aalis sa kalituhang iyon sa pamamagitan ng sadyang pagtugon sa mga alalahanin ng komunidad nang may linaw, pananagutan, at paggalang.”

Inaprubahan si Leefatt na mag-practice ng batas sa California at sa District of Columbia, at nagtapos sa Howard University School of Law, kung saan niya nakamit ang kanyang Juris Doctor degree na cum laude. Mayroon din siyang Bachelor of Science sa Wildlife Ecology and Conservation mula sa University of Florida.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases